Ladies Prayer International Newsletter

United Pentecostal Church Intl Agosto 2020

Bisitahin ang Ladies Prayer International on Facebook at i- "like" ang aming page!

Ang Pagpapalaki ng Batang Madasalin

Ni Cassie Huslage

Ang petsa ay Marso 31, 2020. Ang Covid-19 ay kumakalat na sa buong nasyon, at ang bawat pamilya ay sinabihang “manatili sa bahay.” Sina Christopher and Debra Huslage (ang aming panganay na anak) kasama ang kanilang pamilya ay nanatili sa isang bangkang panlayag sa Galveston, Texas. Ilang araw bago ang pangyayari, nagdesisyon sila na maglayag sa kanilang paboritong lugar sa Texas gulf para sa nalalapit na kaarawan ni Debra.

Sa maganda at maliwanag na umaga noong Marso 31, sila ay naglayag. Lahat ay mukhang perpekto. Ang pagsikat ng araw ay napakanda. Makalipas na ilang oras ng paglalayag sa gulf coast, lumakas ang hangin ng hindi inaasahan. Huli na para bumalik, kaya kailangan nilang salubungin ang bagyo. Habang nagpatuloy sila sa may kanluran, ang malakas na hangin na sobra pa sa apat na pu’t limang milya kada oras ay nagsimulang itapon sa iba’t ibang direksyon ang kanilang paraw. Ang mga bata ay nasa loob ng bangka. Tulog ang isang bata, habang ang iba ay natatakot.
Isang malakas na putok ang nakakuha ng kanilang atensyon. Napakalakas ng hangin, at nabasag ng isa sa mga pagbugso ng hangin ang chain plate. Lumuwang ang layag ng bangka, kaya nahahagis ang bangka kung saan-saang direksyon. Sa puntong ito, sumigaw na si Matthew, walong taong gulang, at nagsabi na “Hoy, manalangin ka! Gising! Huwag kang matulog! Lumuhod ka at MANALANGIN!” Kaya sila ay nanalangin.

Marahil nagtataka kayo kung bakit alam ng walong taong gulang na batang ito kung ano ang gagawin kung mayroong kapahamakan. Alam niya, kase nasaksihan niya ang pagdadasal ng kanyang mga magulang, Lolo at Lola, at iba pa tuwing may kagipitan. Narinig niya ang mga kuwento ng mga sitwasyon na binibigay sa Panginoon sa panalagin ng may kumpiyansa. Alam niya na nakasulat sa Bibliya na dapat magdasal tayo, humingi tayo sa Panginoon ng tulong sa oras ng kagipitan.

Narito ang ilang paraan kung paano palakihin ang isang bata na maging madasalin:

1. Dalhin mo ang mga bata sa altar tuwing oras ng pagsamba. Kung tawagin ng Pastor ang mga tao na pumunta sa altar upang magdasal, isama mo ang iyong anak.
2. Kung ang simbahan ay may dasal para sa pamilya, dalhin mo ang iyong mga anak (kahit ilang taon pa sila). Nagmamasid lamang ang mga bata kung ano ang iyong prayoridad. Gawin mong importante ang pagdadasal. Dumalo ka sa mga oras ng pagdadasal.
3. Hayaan mo na marinig ka na nagdadasal ng iyong mga anak (o apo). Isali mo sila sa mga oras ng pagdadasal at hikayatin mo silang manalangin. Tiyakin mo sa kanila na naririnig ng Panginoon ang kanilang mga dasal at sasagutin Niya ang mga ito.
4. Samahan mo silang manalangin (para sa kanilang may sakit na kaibigan, guro na may cancer, hindi pa ligtas na magulang, maysakit na alagang hayop). Ipaalam mo sa kanila na ang kanilang mga pangagailangan ay importante sa Panginoon. Tulungan mo silang ilapit ang kanilang mga pangagailangan sa Panginoon.
5. Manalangin sa inyong tahanan. Hayaan mong ipagdasal ng mga bata ang kanilang mga pagkain, problema, kanilang Pastor, kanilang guro. Gumawa ng mga sandali kung saan ipapakita mo sa kanila na magkaroon ng “oras sa pagdadasal”. Hinding hindi ko makakalimutan noong nagigising ako sa tunog ng aking inang nagdadasal. Alam ko kung ano ang tunog ng panalangin. Natutunan ko paano gayahin ang pagdadasal. Natutunan ko din paano manalangin na siguradong makakarating sa trono ng Panginon.

Salamat naman at iniligtas ng Panginoon ang kanilang paglalayag. Na-kontrol nina Christopher, Debra, at ng Panginoon ang sitwasyon. Habang nagdadasal ang mga bata sa loob ng bangka, unti-unting kumalma ang hangin. Muli, niligtas ng Panginoon ang aking mga anak. Mabisa ang pananalangin. Hinding-hindi makakalimutan ng mga bata ang katapatan ng Panginoon.

Note: Si Cassie K Huslage ay naglingkod kasama ang kanyang asawa sa Texas and Alaska sa loob ng 33 taon. Ang kanyang pagmamahal sa tao ang nagtulak sa kanya na pinagpala lahat ng Panginoon. Sa kasalukuyan, si Cassie ay District Ladies Ministry Director sa South Central Texas, at asawa ng Pastor ng Apostolic Lighthouse Church ng Georgetown, Texas. Ina siya sa apat na anak, Lola ng siyam na apo, at “mom” ng kanyang English Bulldog, na si Pixie. Ang katuwaan niya ay pag-hahardin, pagkolekta ng mga bato, beachcombing, at paggupit ng mga damo. Si Cassie ay nagpupuri sa Panginoong Jesucristo.

Pagpalain Mo ang Iyong mga Anak: Turuan Mo Silang Magdasal

Ni Jana Allard

Habang hawak ko ang aking apo, hindi ko mapigilang maging emosyonal kaya nagsimula akong magpasalamat sa Panginoon. Isang milagro na nabuhay at naligtas ang aking manugang at apo dahil sa komplikasyon ng pagbubuntis. Ang panalangin ng marami ay nasagot. Isang pagpapala ang magkaroon ng suporta sa panalangin, ngunit paano ang araw-araw na personal na pagdadasal, paano mo maituturo sa bata ang importansya ng panalangin?

Sabi sa Kawikaan 22:6 na turuan ang mga bata ngunit, paano? Ang sagot ay nasa Deutoronomio 6:5-7, "At iyong iibigin ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng

iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas. At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso; At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon." Sa madaling salita, ang pagtuturo ng bata ay nangagailangan ng pagpupursigi kahit sa pagturo sa paglalakad, pagpapahinga at paggising. Nagagawa ito ng maigi sa pamamagitan ng pagpapakita bilang ehemplo ng paulit-ulit.

Mula sa kanilang kapanganakan, ang mga bata ay mayroon ng natututunan. Ang nanay na hawak ang kanyang bagong silang na sanggol sa kanyang mga kamay habang nagdadasal ay nagtuturo na ng pananalangin. Habang lumalaki ang iyong anak, mula sa pagiging sanggol isali mo siya parati sa pananalangin. Hikayatin mo silang makipag-usap sa Panginoon. Kapag ang anak mo ay nasa kindergarten na, siguradong marunong na silang magdasal mag-isa ng mga simpleng panalangin katulad ng para sa kanilang pagkain at kasama ang kaunting pag-gabay sa umaga at gabi. Ang pagsisi ay maaring ituro sa mga bata sa pamamagitan ng timeout. Maari ding matutunan ang pasasalamat sa lahat ng magagandang bagay, proteksyon habang nasa sasakyan, saway kung may bangungot at kagalingan kung may sakit. Kung marunong na siyang magsulat, hikayatin mo siyang gumawa ng talaarawan ng panalangin o magsulat ng mga talata mga scriptures.

"Hindi namin ikukubli sa kanilang mga anak, na isasaysay sa salin ng lahing darating ang mga pagpuri sa Panginoon, at ang kaniyang kalakasan, at ang kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa na kaniyang ginawa." (Mga Awit 78:4. Bakit? Ang sagot ay nasa Mga Awit 78:7, "Upang maalaman ng lahing darating, sa makatuwid baga'y ng mga anak na ipanganganak; na siyang magsisibangon, at mangagsasaysay sa kanilang mga anak."

Mga ina, turuan moa ng iyong anak ng magandang asal, respeto, pagmamahal at palakihin siyang mabuting tao; ngunit ang pagturo mo sa kanila ng pananalangin ay malaking pagpapala sa kanila.

Note:
Si Jana Allard at ang kanyang asawa na si Brian,ay pastor sa Delano, California. Bilang karagdagan sa kanyang mga tungkulin bilang asawa ng pastor, si Jana ay isang recording artist, may-akda, at isang miyembro ng UPCI Western District Ladies Committee. Pinalad siyang maging ina ng dalawang anak na lalaki, isang anak na babae, dalawang manugang, tatlong apong lalaki, at isang apong babae.

Turuan ang Bata na Manalangin

Ni Carla Brett

Noong nakaraang taon, umuwi ang aking anak galling sa paaralan ng malungkot dahil may nangyari. Habang nasa recess, nagtulungan sila ng kanyang mga kaklase sa Kindergarten na buhatin ang isang malaking bagay, ngunit hindi nila nagawa. Sinabihan ng aking anak ang kanyang mga kaklase na kung mananalangin sila,makakaya nilang buhatin ang bagay na iyon. Halos lahat sila ay nagdasal, maliban sa isang bata na ang tingin sa ginawa nila ay “kabobohan”, kaya ang inisip ng aking anak, dahil duon, hindi nila nakayanang buhatin ang malaking bagay na iyon.

Nagpapasalamat ako sa Panginoon na hindi Niya hinayaan na buhatin ng mga bata mabuhat ang delikadong malaking bagay, at nagpapasalamat din ako na napaka-natural sa aking anak ang magdasal sa Panginoon kung kailangan niya ng tulong. Dahil madalas, nahihirapan siya na maniwala sa mga bagay na hindi nakikita at nahahawakan.

Nakikita sa ating buhay panalangin ang lalim ng ating relasyon sa Panginoon, at totoo din ito sa buhay ng ating mga anak. Sa kanilang kamusmosan, natututonan nila ang pagdadasal kagaya ng paano nila natututonan ang iba pang bagay sa kanilang buhay, mula sa pagmamasid sa mga tao sa paligid nila. Kaya hinihikayat ko ang lahat ng mga magulang, na huwag lamang manalangin kapag tulog na ang inyong mga anak, kung hindi, ugaliing makita nila kayong nagdadasal sa buong araw para maging natural sa kanila ang pananalangin. Habang sila ay lumalaki, mas dumadami din ang kanilang mga katanungan; kaya kailangan nating parating nanduon para sa kanila upang magbahagi, kausapin at turuan sila. Sabi sa Kawikaan 1:8-9 para sa mga bata na “dinggin mo ang turo ng iyong ama, at huwag mong pabayaan ang kautusan ng iyong ina:” Magagawa lang nila ito kung tayo, mga magulang, ay hindi sila gagabayan ng maigi at tuturuan. Naniniwala ako na importante na sadya-ing turuan at kausapin ang mga bata, lalo na tungkol sa mga panalangin na sinagot ng Panginoon sa ating buhay at buhay ng iba. Ibahagi mo ang mga nagawa ng Panginoon noon at ginagawa ng Panginoon ngayon, upang matuto silang magpasalamat at patatagin ang kanilang pananampalataya. Habang tinuturuan natin ang mga bata tungkol sa Panginoon, mas nagiging madali sa kanila na magpuri at maniwala.

Bilang guro sa Sunday school, sinusubokan kong gumamit ng mga gamit upang maipaliwanag ang panalangin (kaya ng mga bagay, kulay, larawan, etc.) para hindi paulit-ulit ang sasabihin nila tuwing mananalangin. Gusto ko matutonan nila ang iba’t-ibang paraan ng pagdadasal sa Panginoon.

Hikayatin natin ang mga bata na may plano ang Panginoon sa kanila ngayon. Ang kanilang panalangin ay importante upang makagawa ng mga magandang bagay sa kanilang buhay. Finally, we encourage our children that God really has a plan for them right now. Their prayers are important and make a genuine difference. " Huwag hamakin ng sinoman ang iyong kabataan; kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan." (I Timoteo 4:12)

Note: Si Clara Brett ay pinagpala na maging ina ng apat na anak at "mama pastor" sa marami pa. Siya at ang kanyang asawa at pastor sa Copenhagen, Denmark,

Mula sa Editor

Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang bagay!

Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto para ang newsletter na ito ay mababasa na ngayon sa English, Arabic, Chinese, Czech/Slovak, Dutch, Fijian, French, Georgian, German, Greek, Hungarian, Italian, Japanese, Polish, Portuguese, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog and Thai

Tulungan niyo kaming manalangin ng mga tagasalang!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!

,

Dear Prayer Team Leader, Please visit Ladies Prayer International on Facebook and "Like" our page!! Facebook Ladies Prayer International Link

Also, please invite your group to subscribe to this FREE newsletter at: http://www.ladiesministries.com/programs/ladies-prayer-intl
or email request to: LadiesPrayerInternational@aol.com

Please share this information with your church, friends and family. Thank you for being a part of this thriving prayer ministry and for helping us spread the word about the FREE newsletter and Facebook page!